



Paunawa sa Publiko

Isang Porsyentong Manwal na Pagbilang ng mga Nabotohang Balota sa Ika-19 ng Setyembre, 2023 Espesyal na Pagkabakante na Eleksyon sa Distrito ng Fallbrook Union High School

Alinsunod sa Batas ng Estado, sa panahon ng opisyal na pag-canvass ng bawat eleksyon kung saan ang isang sistema ng pagboto ay ginamit, isang pampublikong manwal na pagbilang ng mga balota na nakuha sa mga kagamitan na iyon ang dapat na isagawa.

Ang isang manwal na pagbilang ng mga nabotohang balota sa kahit 1% lamang ng mga batch ng balotang pangkoreo, na pinili nang random, ay isasagawa bilang bahagi ng pag-canvass sa Araw pagkatapos ng Eleksyong ito. Ang manwal na proseso ng pagbilang, gaya ng lahat ng bahagi ng opisyal na pag-canvass ng mga resulta, ay bukas para sa pag-obserba ng publiko.

Ang random na pagpili ng mga batch ng balotang pangkoreo upang manwal na bilangin ay gaganapin sa:

Huwebes, Ika-21 ng Setyembre, sa ika-10 ng umaga

Ang manwal na pagbilang ng mga boto sa mga piniling mga balotang ito ay gaganapin sa:

Martes, Ika-26 ng Setyembre, sa ika-9 ng umaga

Ang manwal na pagbilang ay gaganapin bawat araw, hanggang sa makumpleto, sa normal na oras ng trabaho, Lunes hanggang Biyernes, mula ika-8 ng umaga hanggang ika-4:30 ng hapon. Kung kinakailangan, ang mga oras ng manwal na pagbilang ay maaaring pahabain, kasama na ang mga gabi hanggang sa ika-8 ng gabi at/o sa Sabado at Linggo at mga holiday.

Kung interesado sa pag-obserba nitong proseso, mangyaring kontakin ang opisina ng Tagapagrehistro sa (858) 565-5800.